Pangalan: ________________________________ Linggo: ______________
Baitang & Pangkat : _________________________ Petsa: ______________

# SANAYANG PAPEL #4 PAKSA: DISKRIMINASYONG NARARANASA NG KABABAIHAN, KALALAKIHAN AT MGA LGBT

## GABAY

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** Nasusuri ang diskriminasyon at diskriminasyon sa kababaihan, kalalakihan at LGBT(Lesbian, Gay, Bi-sexual, Transgender)

Pagkatapos sagutan ang sanayang papel na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. natatalakay ang talambuhay ni Malala Yousafzai at ang mahahalagang pangyayari na may kaugnayan sa kalagayan ng mga kababaihan;
2. nakapagpapahayag ng damdamin at kaisipan ukol sa mga dinaranas na diskriminasyon ng mga kababaihan, kalalakihan at mga LGBT at nakapagbibigay ng mga paraan upang maiwasan ang mga ito; at
3. nakagagawa ng poster-islogan ukol sa mga diskriminasyong nararanasan ng mga kababaihan, kalalakihan, at mga LGBT.

## ENGGANYO

**ILANG ISYU UKOL SA DISKRIMINASYON**

**Si Malala Yousafzai at ang Laban sa Edukasyon ng Kababaihansa Pakistan**

Nakilala si Malala Yousafzai habang lulan ng bus patungon paaralan, nang siya ay barilin sa ulo ng isang miyembro ng Taliban noonika-9 ng Oktubre 2012 dahil sa kanyang paglaban at adbokasiya para sa karapatan ng mga batang babae sa edukasyon sa Pakistan. Kinondena hindi lamang ng mga pinansyal upang agarang mabigyang lunas ang pagbaril sa kanyang ulo. Sino nga ba si Malala? Ipinanganak siya noong ika-2 ng Hulyo 1997 sa Mingora, Swat Valley, sa hilagang bahagi ng Pakistan, malapit sa Afghanistan.

Taong 2007 nang masakop ng mga Taliban ang Swat Valley sa Pakistan at mula noon ipinatupad nila ang mga patakarang nakabatay sa batas Sharia ng mga Muslim. Kabilang sa mga ito ay ang pagpapasara ng mga dormitoryo at paaralan para sa mga babae, nasa mahigit 100 paaralan ang kanilang sinunog sa Pakistan upang hindi na muli pang makabalik ang mga babae sa pag-aaral. Sa mga taong ito, isang batang babae pa lamang si Malala na nangangarap na makapag-aral.

Nagsimula ang mga pagpapahayag ni Malala ng kanyang mga adbokasiya noong 2009. Lumawak ang impluwensiya ni Malala dahil sa kanyang pagsusulat at mga panayam sa mga pahayagan at telebisyon. Dahil dito, nakatanggap ng mga banta sa kanilang buhay ang pamilya ni Malala, ngunit hindi ito naging hadlang upang ipagpatuloy niya ang paglaban para sa edukasyon ng mga babae sa Pakistan.

Ang pagbaril kay Malala ang nagpakilala sa mundo ng tunay na kalagayan ng edukasyon ng mga babae sa Pakistan. Matapos niyang maoperahan, iba't ibang mga pagkilala at pangaral ang kanyang natanggap ngunit hindi niya kinalimutan ang mga kapwa niya babae hindi lamang sa Pakistan, maging sa iba pang bahagi ng daigdig.

Itinatag niya noong 2013 ang Malala Fund, isang organisasyong naglalayon na magkapagbigay ng libre, ligtas, at -kalidad na edukasyon sa loob ng 12 taon. Naglaan din ang pamahalaan ng Pakistan ng malaking pondo para sa edukasyon ng mga babae. Iginawad din sa kanya ang Nobel Peace Prize kasama ang aktibistang si Kailash Satyarthai noong 2014. Nakapagpatayo na rin siya ng paaralan sa Lebanon para sa mga batang babae na biktima ng digmaang sibil sa Syria.

Sa kasalukuyan, patuloy ang pagpapakilala ni Malala sa tunay na kalagayan edukasyon ng mga batang babae sa iba't ibang bahagi ng daigdig sa pakikipagkita at pakikipag-usap sa mga pinuno ng iba't ibang bansa at pinuno ng mga organisasyong sibil at non-government organizations o NGOs gaya ng United Nations at iba pa.

**KINADENANG BAHAGHARI**



https://interaksyon.philstar.com/politics-issues/2020/11/04/179776/at-house-hearing-on-sogie-bills-lgbtq-labeled-super-special-elite-class/

Sa Pilipinas, ginanap ang kauna-unahang pride march noong 1996 na inorganisa ng ReachOut Foundation, isang international reproductive health service organization. Ayon sa artikulo ni Philip Tubeza noong 2013, ang Pilipinas ay kasama sa mga pinaka-friendly na bansa pagdating sa LGBT; ang datos ay mula sa Pew Research Center sa Estados Unidos noong 2002.

Ngunit kahit ganito ang mga talaga, marami pa ring hinaharap ang mga Pilipinong LGBT tulad ng lantarang diskriminasyon, ang kondisyong heteronormative ng mayorya, mga isyung moral, standardization ng identidad, at mga miskonsepsiyon ukol sa ating mga kapatid na LGBT.

**DISKRIMINASYON SA KALALAKIHAN, KABABAIHAN AT LGBT**

Ang mga lalake ay binibigyan ng mga mahihirap na trabaho kahit malaki o maliit ang kanilang suweldo dahil likas na sa atin na binibigyan ng mas mabigat na trabaho ang mga lalake kaysa sa mga babae.

Ang mga babae naman ay hindi pinapayagan sa lahat ng mga trabaho dahil iniisip ng iba na walang lakas ang mga babae at ang kaya lang nitong mga trabaho ay ang magagaan at mababababaw na gawain.

Ang mga LGBT naman minsan ay nahihirapang maghanap ng trabaho at kaibigan dahil ang mga tao ay walang respeto sa kanila at hindi sila itinuturing na tao dahil iniisip ng mga tao na sila ay salot sa bayan at sinusuway ang utos ng ating banal na Diyos

## TALAB

**Gawain Sa Pagkatuto Bilang 1*: Punuan mo Ako!***
Panuto: Punan ang mga hinihingi sa pangungusap ukol kay Malala Yousafsai.

Nakilala si Malala Yousafzai habang lulan ng bus patungong (1.)________________, nang siya ay barilin sa ulo ng isang miyembro ng (2.)________________ noonika-9 ng Oktubre 2012 dahil sa kanyang paglaban at
(3.)______________________________________________________________________. Kinondena hindi lamang ng mga pinansyal upang agarang mabigyang lunas ang pagbaril sa kanyang ulo.

Sino nga ba si Malala? Ipinanganak siya noong ika-(4.)____________________ sa Mingora, Swat Valley, sa hilagang bahagi ng Pakistan, malapit sa Afghanistan. Taong 2007 nang masakop ng mga Taliban ang Swat Valley sa Pakistan at mula noon ipinatupad nila ang mga patakarang nakabatay sa batas (5.)__________________ ng mga Muslim.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2**: ***"Kunin sa BOX"***
Piliin ang mga diskriminasyong nararanasan ng mga miyembro ng LGBT sa Pilipinas. Hanapin ito sa kahon at ilista sa ibaba.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Heteronormative ng mayorya | Salot ng bayan | Madaling matukso | |
| Di-priyoridad sa trabaho | Katawa-tawa | Walang edukasyon | |
| Mahihina | Mararahas | Nananakit | Malaswa |

1.
2.
3.
4.
5.

## RUBDOB

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:**
Panuto: Sagutan ng buong katapatan ang mga katanungan.
1.Nakaranas ka na ba ng diskriminasyon sa loob inyong tahanan? Kung oo, ilahad ang pangyayaring ito.
SAGOT:______________________________________________________________________
______________________________________________________________________________.
2.Pantay ba ang pagtingin ng iyong mga magulang sa inyong mga magkakapatid? Ipaliwanag.
SAGOT:______________________________________________________________________
______________________________________________________________________________.
3.Bakit kaya mas inaasahan sa gawaing bahay ang mga anak na babae kaysa mga anak na lalaki?
SAGOT:______________________________________________________________________
______________________________________________________________________________.
4.Bakit mas binibigyan ng mabibigat na trabaho ang mga kalalakihan?
SAGOT:______________________________________________________________________
______________________________________________________________________________.
5.Gaano kahalaga ang paggalang sa lahat ng kasarian? Bakit?
SAGOT:______________________________________________________________________
______________________________________________________________________________.

## IRAL

Panuto: Gumawa ng *Poster o Slogan* ukol sa iba't-ibang diskriminasyong nararanasan ng kalalakihan, kababaihan at miyembro ng LGBT. Ilagay ito sa isang Oslo paper o bondpaper.

Pamantayan sa Pagmamarka:

| **KRITERYA** | **PUNTOS** |
|---|---|
| Tema/Paksa | 5 |
| Pagkamalikhain | 5 |
| Kalinisan | 5 |
| **KABUUANG PUNTOS** | **15** |

*References:*

*https://medium.com/@kadlitofficial/kinadenang-bahaghari-mga-hirap-at-danas-ng-mga-lgbt-sa-pilipinas-e230a0f7ee67*
*https://brainly.ph/question/1231478*
https://www.independentschoolparent.com/education-news/raise-awareness-for-girls-right-to-education-with-the-malala-fund/

**TEACHER'S FEEDBACK**

______________________________________________________________

**SELF-MONITORING**

Pangalan: ______________________________ Linggo: ______________

Baitang & Pangkat: ______________________________ Asignatura: ____________

| **Para sa Mag-aaral (*Tapusin ang mga pangungusap.)*** | |
|---|---|
| Nahirapan akong unawain at gawin / sagutan ang bahaging… | |
| Nadaliaan akong unawain at gawin / sgutan ang bahaging … | |
| Kailangan ko pa ng tulong upang lalong maunawaan ang …. | |

| **Para sa magulanG (*Lagyan ng tsek ang inyoong sagot.)*** | | | |
|---|---|---|---|
| Nagawa ng aking anak ang mga pagsasanay … | | Ang aking anak ay … | |
| | nang siya lamang mag-isa, walang tumulong | | Nasagutan ang lahat ng mga pagsasanay |
| | na may kaunting tulong sa pagsasabot mula sa iba | | Nasagutan ang ibang pagsasanay at ang iba ay hindi |
| | na marming hininging tulong sa pagsasagot mula sa iba | | hindi nasagutan ang lahat ng pagsasanay dahil masyadong mahirap |